

**MGA ALITUNTUNIN SA
CAUCUS NG SEIU**

I. PAGTATAKDA NG MGA LAYUNIN

Napatunayan ang mga caucus bilang mahalagang paraan ng pagsuporta, adbokasya, pagpapalitan ng impormasyon, at pagpapahusay sa pamunuan. Dahil sa kanila, nagkakaroon ng tinig ang iba-ibang nasasakupang pangkat sa lugar na may paggalang mula sa lahat ng panig at diwa ng pagkakabuklod-buklod sa isang komunidad. Pinangungunahan nila ang pagbabahagi ng mga karanasan, alalahanin at aktibidad ng iba't ibang nasasakupang pangkat na miyembro ng SEIU, na nagpapahusay sa paglahok ng mga miyembro sa pangkalahatan. Maaaring magsilbi bilang epektibong paraan ang mga caucus para sa pag-aaral at pagbuo ng mga kasanayan sa pamumuno. At maaari din silang maging resource para sa SEIU sa larangan ng pagsusuri sa mga pagsisikap ng Internasyunal na Unyon mula sa pananaw ng mga partikular na nasasakupang pangkat na miyembro.

Dahil dito, ang mga layunin ng aktibidad ng caucus sa Internasyunal na Unyon sa ngayon ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa:

- A. Pagkakaroon ng higit na pagkakaiba-iba ng mga miyembro ng SEIU bilang pinagmumulan ng lakas sa tulong ng mga prinsipyo ng unyonismo, pagiging panlahatan, pagbibigay-kakayahan at pagtitiwala sa sarili;
- B. Bumuo, magsulong at magsubaybay ng mga isyung tinukoy ng mga nasasakupang pangkat, at makipagtulungan sa Internasyunal na Unyon sa pamamagitan ng edukasyon;
- C. Magsilbi bilang resource sa Internasyunal na Unyon sa pag-oorganisa, aksyong pulitikal at pagsali sa komunidad;
- D. Isulong at itaguyod ang pagpapahusay at pagsasanay ng pamunuan sa lahat ng antas ng kumakatawan sa Unyon.

II. PAGBIBIGAY-KAHULUGAN SA MGA CAUCUS

Ang mga sumusunod na caucus ay opisyal na kinikilala ng Internasyunal na Unyon para sa layunin ng paglahok sa mga aktibidad ng Internasyunal na Unyon at pagtanggap ng mga resource ng Internasyunal na Unyon: African American Caucus (AFRAM), Asian-Pacific Islander Caucus, Native Americans Caucus, International Latino Caucus, Lavender Caucus, People with Disabilities Caucus, Retirees Caucus, at Women's Caucus.

Maaaring opisyal na kumilala ng mga karagdagang caucus ang Internasyunal na Unyon kung pagbobotohan sa bawat Kapulungan ng Internasyunal na Unyon.

Maaaring magkaroon ng mga caucus sa mga antas na lokal, panrehiyon at pambansa. Gayunpaman, dapat magsimula ang pagbuo ng caucus sa lokal na antas, bago iproseso upang mabuo bilang panrehiyon o pambansa. Maaaring bumoto ang maraming lokal upang bumuo ng panrehiyong caucus sa isang partikular na heyograpikong rehiyon, na sasailalim sa pag-apruba ng Internasyunal na Lupon ng Ehekutibo.

Pagbuo ng Pambansang Caucus

Maaaring kilalanin ang isang caucus bilang “pambansa” matapos mapatunayan ang pagkakaroon ng mga tuloy-tuloy at malinaw na naipapakitang progreso na lokal at panrehiyon, at matapos matugunan ang kahit isa lang sa mga sumusunod na pamantayan:

Inaprubahan ng IEB noong

- A. Boboto ang kahit tatlo sa apat na panrehiyong caucus upang bumuo ng pambansang caucus.
- B. Pag-apruba ng Internasyunal na Lupon ng Ehekutibo.

III. PANGANGASIWA NG DAYALOGO

- A. Ang Konstitusyon at/o dokumento para sa pamamahala ng bawat caucus ay hindi dapat salungat sa Konstitusyon at Mga Alituntunin ng Internasyunal na Unyon.
- B. Maaaring isangguni ng bawat pambansang caucus ang lahat ng rekomendasyon at resolusyon na kaugnay ng mga patakaran ng SEIU sa naaayong komiteng itinalaga ng Internasyunal na Pangulo.
- C. Ang mga caucus ay hindi maaaring manghimasok sa mga kaganapan sa Lokal na Unyon, gumawa ng mga proklamasyon tungkol sa mga kaganapan sa Lokal na Unyon o mag-endorso ng mga kandidato para sa katungkulan sa opisina ng Lokal na Unyon o ng Internasyunal na Unyon.
- D. Mayroong responsibilidad ang bawat caucus na manatiling sensitibo sa mga isyu ng iba pang caucus at isulong ang konsepto ng hustisya sa lipunan.

IV. MGA PATAKARAN SA PAMAMAHALA

- A. Ang mga pagpapasya/pagboto ay itatakda ng caucus at ibabatay sa konseptong isang lokal, isang boto o isang tao, isang boto. Itatalaga ang mga pagpapasya/pagboto upang isulong ang pag-unlad at pagkakaisa ng Lokal/Caucus.
- B. Magtataguyod ang mga caucus ng proseso ng halalan upang maghalal ng mga opisyal. Maaaring magtaguyod ng Ehekutibong Komite ang mga caucus kung sa tingin nila ay kailangan ito. Ang Ehekutibong Komite ng isang pambansa o panrehiyon na caucus ay magkakaroon ng awtoridad na ikatawan ang kanilang partikular na caucus sa pamunuan ng Internasyonal na Unyon at sa lahat ng iba pang usapin.
- C. Ang lahat ng miyembro ng Mga Lokal na may mabuting katayuan ay kwalipikadong maging miyembro ng caucus.
- D. Kung saanman may umiiral na pambansang caucus, magtatalaga ang mga caucus ng isang taong kikilalanin bilang pangunahing contact na siyang makikipag-ugnayan sa Internasyunal na Unyon.

Ang mga lokal at panrehiyong caucus ay nakikibahagi sa responsibilidad ng paglalahad ng mga opinyong sinasang-ayunan ng lahat sa Internasyunal na Unyon tungkol sa mga pinag-uusapang isyu.

V. MGA PROSESO NG PAG-UULAT

- A. Magbibigay at magsusumite ang lahat ng caucus ng kopya ng kanilang Konstitusyon at Mga Alituntunin sa mga opisyal ng Internasyunal na Unyon at sa (mga) tagapangulo ng naaayong komiteng itinalaga ng Internasyunal na Pangulo. Isusumiteng muli ng alinmang caucus ang mga kopya ng nasabing Konstitusyon at Mga Alituntunin sa tuwing sususugin ang mga ito sa Internasyunal na Unyon.
- B. Magbibigay ang mga caucus ng mga ulat ng progreso ng aktibidad dalawang beses sa isang taon sa naaayong komiteng itinalaga ng Internasyunal na Pangulo.

VI. PAGPOPONDO

- A. Magiging kwalipikado ang bawat caucus na humiling ng taunang ambag mula sa Internasyunal na Unyon bilang pansuporta sa programang pang-operasyon. Maaaring tumanggap ang mga caucus na may istrukturang **pambansa** ng taunang ambag na \$25,000. Isusumite nang nakasulat ang lahat ng kahilingan ng caucus para sa pondo sa Internasyunal na Unyon bago ang katapusan ng bawat taon sa kalendaryo.
- B. Kung saan mayroong umiiral na pambansang caucus, kailangang magsumite ng **panrehiyong** caucus ng taunang plano ng badyet at gawain na nakaayon sa mga layunin at misyon ng Internasyunal na Unyon upang makatanggap ng suporta sa pagpopondo. Ang mga panrehiyon at/o panlugar na caucus na partikular na nakaistruktura bilang pambansang caucus ay dapat magsumite sa kanilang kahilingan para sa pagpopondo sa namumuno sa kanilang pambansang caucus kasama ng isang plano ng badyet at gawain na nakaayon sa mga layunin at misyon ng Internasyunal na Unyon.
- C. Kung saan walang umiiral na pambansang caucus, maaaring makatanggap ang mga **panrehiyong** caucus ng \$5,000 mula sa Internasyunal na Unyon bilang pansuporta sa programang pang-operasyon. Maaaring magsumite ang mga panrehiyong caucus ng kahilingan para sa karagdagang pagpopondong may kinalaman sa programa at/o operasyon sa Internasyunal na Unyon, kung ibabalangkas ng bawat caucus na humihiling ng mga nasabing pondo kung paano ginamit ang mga panimulang pondo batay sa kanilang mga layunin at plano ng gawain/proyekto, at kung gaano sila naging matagumpay sa pagsasagawa sa kanilang gawain. Kailangang nakaayon ang nasabing plano ng gawain sa mga layunin at misyon ng Internasyunal na Unyon. Kailangan ding ibalangkas at magkaroon ng makatwirang dahilan ang kahilingan para sa karagdagang pagpopondo tungkol sa kung paano gagamitin ang mga karagdagang pondong ito. Ang taunang pinagsama-samang halaga ng pondo na ibibigay sa indibidwal na panrehiyon/panlugar na caucus ay hindi dapat lumampas sa taunang allotment na ibinibigay sa bawat isa sa mga caucus ng SEIU.
- D. Kailangang magsumite ang mga pambansang caucus ng pinansyal na ulat kada quarter tungkol sa pagtatalaga at paggamit ng mga pondong natanggap nila mula sa Internasyunal na Unyon.
- E. Ang isang subcommittee ng naaayong komite na itinalaga ng Internasyunal na Pangulo ang magsusubaybay sa pag-apruba at pamamahagi ng mga hiniling na pondo.
- F. Upang makatanggap ng tuloy-tuloy na pagpopondo, kailangang magsumite ng caucus (pambansa man, panrehiyon o panlugar) ng taunang ulat na nagbabalangkas kung paano ginamit ang mga pondo upang makamit ang mga layunin para sa plano ng gawain/proyekto, atbp., at kung gaano sila naging matagumpay sa pagsasagawa sa kanilang gawain.
- G. Maaaring magsumite ang mga pambansang caucus ng kahilingan para sa karagdagang pagpopondo na pansuporta sa kanilang taunang kumperensya, kung magsusumite sila (nang maaga) ng panukalang nagbabalangkas kung paano gagamitin ang mga karagdagang pondong ito.